

y las dolorosas proliferaciones de su enfermedad.

Esa grey de los débiles parece haber temido que su voz despertara en los amos el sentimiento de la potencia necesaria, y que al anuncio de sus nuevas tablas se operase una total transmutación de los valores morales. ¡Quién lo dudará, si en vez de recibir un diagnóstico de la ciencia, le hubiera tocado en suerte, como al Galileo, una cruz para aquilatar sus teoremas en los crisoles del Martirio!



Corría por esos desfiladeros nuestra imaginación hacia la encrucijada, en donde la ciencia y la filosofía se interceptan—mirando el estudioso con el lente clínico y el moralista con el lente de su amor á la vida interna,—cuando el crepúsculo comenzó á espesar sus negruras sobre Roma.

Sólo pudimos agregar que el contraste entre ambas éticas no es menor en su aplicación á la vida práctica.

La moral cristiana es clorática, compasible. Induce á prolongar las existencias inferiores con limosnas de absurdo altruismo: rebajan al que las da y ofenden al que las recibe. Se ha convenido en llamarla moral; es, indudablemente, un buen negocio para los infelices.

Nietzsche es plenitud vigorosa. Nos empuja á ser siempre más, infinitamente, por todos los medios aptos para intensificar la personalidad. Su ética educa para la vida laboriosa, alegre y fecunda, induce á perseguir el único de hecho incontrastable: la conciencia de la propia fuerza.

Y en la negrura del crepúsculo, vimos perderse á poco el domo de San Pedro. Pero sobre el cielo, más intensa que la noche misma, aún recortada netamente su silueta semicircular, el domo del Panteón. Símbolo en esa hora, presagio de los siglos.

JOSE INGENIEROS.



NOLI ME LÉGERE

IV HALAGA NG BUHAY

(Karugtong)

Si Bayani ay sumagot:

—“Kung sakali man po, G. Presidente, kung sakali man po at sinapit sila n̄ pagkasawí, ang m̄ga kamag-anak nilang maiíwan ay hindi dapat mangagsiluhá, hindi dapat manghinayang ni di dapat ipaghinagpis ang kanilang kamatayan, sapagka't kagaya n̄ m̄ga tunay na lalaki, sila'y nagpakamatay sa pagtupad n̄ katungkulan! Nabaon man ang m̄ga katawan nila sa ilalim n̄ lupá, ang kanilang alaala ang kanilang m̄ga n̄galan, ang kanilang kabayanihan ay makikintal sa diwa't pusò n̄ lahi upang kailan ma'y manariwá doón. Ang m̄ga anak nila, ang kanilang kaupapuhan, at lahat kaming m̄ga bagong sibol ay laging aawitin ang kadakilaan n̄ kanilang gawá,

pipintuhin namin at igagalang ang kanilang alaala, at sisikaping tularan ang inihasi nilang halimbawá. Ang Inang Bayan, ang pinakaiirog na “Martir” Inang Bayan ay yajakapin ang kanilang m̄ga bangkay hahandugán sila n̄ matatamis niyang halik, at pagkatapus na maisulat ang sagisag na sa kanilang m̄ga noo, ay ituturo sila sa boong Sangsinukob, kasabay n̄ sabing:—“Ang m̄ga anak ko ay m̄ga bayani n̄ Matwid!” May kamatayan po bang diya'y dadakila pa?

—“Pshe!—“ang in̄gos n̄ Presidente,—*que bayani*” ni *que bulati*... *que bayani n̄ matwid*!—Bayani n̄ kaululan!”—At pagkatapus na makamut ang ulo ay nagpatuloy:—“N̄guni't... *pero ikaw ba naman ay wala nang kaisip isip, at di mo makurong ang pinagsasabi mong iyan ay pulos na kahiban̄gan?* Sino baga ang iyong mapaniniwala na... Jesus Maria y Jose!—ako laang ay pinagtatawa mo! Diyata't ako'y magpapakamatay mailigtas ko laang ang isa kong alila, ang isang ita, ang isang insik?

“Laking kabulastugan!... Ha, ha, ha!”

Tumugon si Bayani:—

—“Ang isa pong magliligtas ay hindi sinitino ang sinasaklohang napapan̄ganib, hindi inuisisa kung ang ililigtas niya ay kamag-anak, kauri ó hindi; hindi siya tumitin̄gin sa kulay n̄ balat; ang kinukuro niya ay kung *narrápat* na iligtas ang napapan̄ganib: alalaong baga'y kung ito ay kinakandili n̄ katwiran”.

Muling napahalakhak si Mahabang-kamay; ang pagkapoot niya kay Bayani at pagkatigagal sa m̄ga pinagsasabi nito ay nagtatalo sa kanyang loob—filing-iling na sumagot:

—“M̄ga haling na pag-iisip! m̄ga haling!... Palibhasa't ikaw'y bata pa, ay hindi mo kinukuró ang iyong pinagsasabi”.

Napan̄giti si Bayani; munti na siyang ma pa—*Ehem!*

—“*Pero*...Ibig mo bagang ipakita ko sa iyo ang kaululan n̄ iyong *teoria?*—ang dagdag n̄ hukom na n̄gayo'y nagboses-paré.

—“Ikatutwá ko po kung inyong mamarapatin”—ang tugon naman n̄ binatá.

—“*Bueno*”!.....

Si Mahabang-kamay ay nagsindi muna n̄ isang tabáko, bago nagpatuloy:

—“Makinig ka:

“Sa kanino mang taong may gadaling noo ang sariling buhay ay siyang lalong pinakamahalaga; siyang pinakamamahál niya higit sa alin mang bagay at sa kanino man.

“Isa itong katotohanang di mo mapupuwing sa aking harap, ako'y matandá na,... at kilala ko ang lakad n̄ mundo.

“At sa katunayan n̄ aking sinabi ay nariyan ang libolibong taong napa-aalipin upang magkaroon laang n̄ maipagtatawid buhay; nariyan ang daan-daang babae sa Maynila na ipinagbibili sa bálanga ang kanilang m̄ga katawan at puri upang magkaroon laang n̄ maikabubuhay! Nariyan ang m̄ga taong taga-labas na nanghaharang at pumapatay n̄ kapwa upang magkaroon n̄ ikabubuhay! Ano pa't lahat ay gina-

gawa upang mabuhay laang! Samakatwid lahat ay buhay at buhay ang hanap!

"Ngayon"—at dito'y ipinaglakan ang salita—"Ngayon, ano iyáng kaululang ipinipilit mo na katungkulan n̄g isang tao ang sagipin ang napapanḡanib kahit na masawi ang kanyang buhay? Diyata't lahat na'y ginaguwa upang lumawig laang ang buhay at saka n̄gayo'y ipanḡanḡalandakan mo na di kailanḡang mamatay mailigtas laang ang iba?"

"Ano ang iyong mapapala sa pagliligtas na iyan?—Aakyat ka ba, n̄g lanḡit?"

"Oh, aking tinatawanan ang m̄ḡa isipang iyan na walang kaulo-ulo!"

"Isipin mo na laang ang nangyari sa iyo kanina. Magtandá ka at madalá ka na sa napalá mong iyan sa panghihimasok sa di mo dapat panghimasukan. Mabuting mabuti na laang at sa bisig ka tinamaan n̄g bála... at kung sa tiyan?... marahil kung nagkataon, ay inagunyas ka na ngayon".

Napanḡiting muli si Bayani. Pagkaraan n̄g ilang sandali ay banayad na sumagot:

"Kung ako man po ay nagkadurog-durog, ang gayon ay walang kailanḡan sa akin! Hihimlay ako sa libinḡan n̄g walang pagsisisi, kakaulayawin ko roon ang tanḡi kong Ligaya—ang ligayang pilit na sasaakin sapagka't ako'y namatay sa pagtupad n̄g aking katungkulan, sapagka't ako'y namatay sa pagpupunyaging igalang ang watawat n̄g wagas at katutubong Matwid! Sa gayon ay di na ako masisisi n̄g aking Bayan!"...

—"M̄ḡa panḡarap!" ang muling sabád ni Mahabang-kamay—"m̄ḡa maling panḡarap! Oh! hanggang saan nakikilalang ikaw ay bata pa n̄ḡa laang! Hanggang saan mo ipinakikita na wala kang kamuwang muwang sa pamumuhay!... Ano iyang ligayang sinasabi mo? Bunḡa n̄g kahibanḡan! Ibig mo bang iturò ko sa iyo ang tunay na ligaya—ang ligayang dapat mong sikapin?"

Itinaas n̄g nanḡanḡaral ang kaliwá niyang kamay, pinag-abot ang m̄ḡa dulo n̄g hintuturò at n̄g hinlalaki, at saka nagpatuloy:

"Ang salapi!! Ang salapi! Kapag ang tao ay mayroong salapi, sa kanya ay walang hindi ma-aari!"

"Sa pamamagitan niyan, at niyan laang, makakaranas ka n̄g tunay na ligaya; Iyan laang ang makapagbibigay sa iyo n̄g kariwaan sa pamumuhay... Kaya n̄ḡa, wika ko sa iyo, ay huwag mong sayanḡin ang iyong buhay sa m̄ḡa ulol na panḡarap. Samaantalain mo ang panahong itinadhanà n̄g Diyos para sa iyo dito sa mundo. Habang ikaw ay nabubuhay, *pues* magpasasà ka sa tamis n̄g buhay. Iyang biyang sinasabi mo na dadating sa iyo pag ikaw ay nalilibing na, ay hindi mo ma-aasaan... Mabuti na laang kung ikaw ay papasukin sa pintò n̄g lanḡit, at kung hindi?, at kung doon sa isang pintò ka mapasuot?"

—"Hindi pò ako dapat magtakha, G. Presidente"—ang tugón n̄g binatà—"hindi pò ako dapat magtakha sa m̄ḡa sinasabi ninyo. Ang

m̄ḡa ganyang paghahakáng bulok ay palasak na palasak pa n̄ḡa dito sa atin.

"Para sa m̄ḡa gaya ninyo, ang buhay n̄g tao ay dapat gugulin sa loob n̄g isang palasyong gintò, sa laot n̄g kariwaan at lubos na ginhawa.

"Para sa inyo, ang layong dapat sikapin n̄g lahat ay ang makapagtayo n̄g m̄ḡa kamalig n̄g salapí.

"Ang salapí, sa m̄ḡa gaya ninyo, ay katumbas n̄g lahat; salapí ang una, at salapí ang katapustapusan; kung walang salapí ay walang ligaya.

"Para sa inyo, ang tao ay dapat tumalikod sa lahat, dapat isatabi ang m̄ḡa katungkulan, at isalimot ang pag-ibig sa bayan, lahi, matwid, at karanḡalan kung ito ay kakailanḡanin upang lumagi sa pagkamasalapí".

—"Talaga!—"ang sabád ni Mahabang-kamay.

—"Ako pò—"ang patuloy ni Bayani—"ay may ibang paghahaká ukol sa halagá n̄g buhay—paghahakang di ko ikamamanghá kung sakali ma't inyong tawanan. Sa akin pò, ang buhay na araw at gabi ay ibinababad sa pulot n̄g kaginhawahan—ang buhay na walang pinipintuhò kundi ang Diyos Salapí—ang buhay na walang hanap kundi ang kagalinḡan n̄g sarili, ay isang buhay na mababá, walang halaga, karumaldumal!"...

Tumalikod ang Presidente sa binatà at animo'y di nadidinig ang sinasabi nito. Si Bayani ay nagpatuloy:

"Ang buhay po kung ibig magkahalagá, ay kailanḡang ilaan at gugulin sa isang adhikang mataas, sa isang layong maranḡal... Ang yaman na kinahahalinḡan n̄g boong Sandaigdig halos ay hindi makapagpapadakilá sa buhay n̄g tao; ma-aari siyang magpaginhawa, magdúlot n̄g kasaganaan sa lahat n̄g bagay; dapwa't hindi kasaganaan, hindi kaginhawahan ang naghahatid sa tao sa pagkadakilá.

"Ang karunungan man, liban na laang kung siya'y ginugol sa ikagagaling n̄g bayan, lahi, Sangsinukob, ay di ko rin masasabing sapat na makapagpadakilá sa buhay.....

"Ang tao po, G. Presidente, ay kailanḡang gumawa para sa lahat; kailanḡang magbatá n̄g suson-susong pagtitiis, dusa, pighati, para sa lahat; kailanḡang sumagupà sa libo-libo mang kamatayan para sa lahat; kailanḡan siyang magiging isang taga-hasik n̄g kalayaan, taga-taguyod sa dangal n̄g tinubuang lupa, taga-kandili sa puri n̄g matwid na malimit lupigin.....

"Kapag ang isang tao ay nakasunod sa m̄ḡa ganyang katungkulan, mayaman man ó mahirap, marunong man ó hindi, siya ay may karapatan nang ipagmalaki ang sariling buhay, at humimlay sa piling n̄g m̄ḡa lalong dakilang kalulwa sa boong Sangsinukob!"

Hindi na nakasagot si Mahabang-kamay; noong sandaling iyon ay siyang pagpasok n̄g tunay na hukom n̄g bayan.

Ito ang sa wakas ay sumuri sa naantalang usapin, at pagkatapus na madinig ang m̄ḡa panḡanḡatwiran n̄g bawa't isa ay inalagdà ang kanyang maayos na hatol.

Si Blackheart ay nagkamit nã mabigat na parusa.

Ang matatamis na pag-asa nilang dalawa ni Mahabang-kamay ay pawang nangaloooy.

Tinangap ni Blackheart nang walang tutol ang kahatulan nã hukom, dapwa't ang pagtang-gap na iyon ay nilakipan niya nã isang matinding sumpâ. Isinumpâ niya ang isang madugong paghilihigantí sa gitnâ nã kanyang pagkapahamak.

I. A. AMADO.

El tesorero provincial ínterino



En otro lugar de esta misma revista mencionamos la marcha á los Estados Unidos en uso de licencia de Mr. W. O. Kaminer, tesorero provincial de Rizal.

Para sustituirle temporalmente en el cargo ha sido enviado aquí otro americano, cuyo nombre hasta ahora no hemos llegado siquiera á saber. Nosotros hubieramos deseado de todas veras que durante la ausencia de Mr. Kaminer se hubiese conferido el cargo al filipino que ocupa hoy el puesto de *chief clerk* en la misma tesorería, Sr. Isabelo de Silva.

Si la filipinización no es un sueño esta marcha de Mr. Kaminer consideramos una oportunidad para someter á prueba la capacidad de un filipino más. Además, nombrando sustituto á un americano, se impone á la caja provincial un gravamen innecesario, porque durante la licencia de Mr. Kaminer la provincia pagará sueldo á dos tesoreros provinciales, lo cual no ocurriría nombrando al Sr. Silva, que según ley no cobraría mayor sueldo del que ahora percibe.

La experiencia del Sr. Silva adquirida durante cinco seis años de servicio en dicha oficina, donde siempre ha merecido elevado concepto de sus diferentes jefes, y su cualificación en el cargo de tesorero provincial, según las leyes del Servicio Civil, debieron acreditarle para que sea nombrado tesorero provincial ínterino de esta provincia. Y creemos reflejar la opinión de la provincia manifestándolo así.

Una carta abierta

A mis Comprovincianos de la provincia de Rizal,

Piñilla 26 de Marzo de 1909.

Señores:

Desde el mes de Enero de este año los candidatos para Gobernador en nuestra provincia se agitan mucho y agitan á los pueblos en provecho de sus respectivas candidaturas, unos personalmente y otros por medio de sus leaders. Hasta ahora hay dos progresistas y cuatro nacionalistas, por manera que hay amplia oportunidad y bastante tiempo aun, para que los electores puedan pensar y elegir entre tantos aspirantes, á quien vamos á encomendar durante el bienio futuro el mando de nuestra provincia.

Indudablemente los candidatos actuales son personas de recomendables condiciones; pero permitidme que yo os diga que, en mi concepto y con la amarga experiencia del pasado, nuestra norma de conducta debe ser hoy el: "VOTAR AL QUE PUEDA GOBERNAR MEJOR LA PROVINCIA" de manera que, aparte de mantener la tranquilidad y moralidad públicas, pueda fomentar eficazmente nuestros intereses materiales, económicos y hasta morales en lo que respecta á conseguir que, á pesar de nuestras diferencias religiosas y políticas, los vecinos de cada pueblo se aunen y cooperen en todo aquello que sea de interés y provecho general. En una palabra, debemos escoger un hombre EQUILIBRADO en todos sentidos, como dicen los americanos. La elección es de suma importancia, pues cuanto mayor sea nuestro acierto en elegir, tanto mayor será el beneficio que hemos de recibir del que ha de ser nuestro Gobernador.

Somos de la provincia de Rizal y es nuestro deber escoger un hombre verdaderamente digno del nombre de esta provincia, á fin de que podamos enorgullecernos de ser verdaderos rizaleños.

Permitidme ahora, comprovincianos queridos, que yo incluya en el número de los candidatos nacionalistas un hombre más, para exponerle á vuestra consideración: este hombre es Catalino Sevilla, hijo distinguido de nuestra provincia.

Le conozco hace tiempo, y he oído decir en una tertulia en Manila que varios amigos suyos habían decidido presentar su candidatura para Gobernador de Rizal. Supongo que muchos de vosotros le conoceréis también. Es hombre ya maduro, energico, inteligente, íntegro patriota, filibustero en tiempos pasados y hoy nacionalista sensato y consecuente, además de tener un genio organizador y progresivo. Ha sido afamado Profesor por largo tiempo en Manila y hoy es Abogado de mucha reputación, sin embargo de ser muy modesto.

El no ha empuñado las armas durante la Revolución, por haberle sorprendido los acontecimientos dentro de la Ciudad de Manila; pero muchos de los que fueron sus discípulos, imbuidos desde la tierna edad en el profundo amor y veneración á la Patria y fieles á las enseñanzas de su maestro, defendieron con teson aquella Bandera santa de la Libertad, por siempre querida y jamás olvidada, cayendo los más de ellos cubiertos de inmarcesible gloria en los campos de batalla.

No pretendo afirmar que sea el mejor candidato, nó; pero yo creo por el conocimiento personal que tengo, que en la próxima convención del Partido Nacionalista y aún en las futuras elecciones vale la pena de pensar en él, y otorgarle vuestro apoyo, si le creéis digno de vuestra confianza.

Vuestro Comprovinciano,

L. GABRIEL.